

# Alamin ang Iyong Mga Karapatan Sa Pagboto sa Lalawigan ng San Mateo Know Your Voting Rights in San Mateo County



Pangunahing Eleksyon sa California ng 2020

Ipadala ang mga balota sa koreo sa Lahat ng Rehistradong Botante: **Mula Oktubre 5, 2020**

Pagbukas ng mga Drop Box ng Balota: **Lunes, Oktubre 5, 2020**

Dedlayn ng Rehistrasyo: **Lunes, Oktubre 19, 2020**

Pagbukas ng Lahat ng Sentro ng Pagboto ng Personal: **Sabado, Oktubre 31, 2020 - Martes, Nobyembre 3, 2020**

Tanggapan ng Eleksyon ng Lalawigan ng San Mateo 650-312-5222

## Paghahanda sa Pagboto

Upang bumoto sa isang eleksyon, nararapat na ikaw ay magparehistro muna! Maaari kang magparehistro kung ikaw ay:

- isang mamamayan ng U.S.;
- isang residente ng California;
- magiging 18 na taong gulang sa Araw ng Eleksyon;
- kasalukuyang wala sa kulungan o nasa parol para sa nahatulan na ng isang krimen; at
- hindi pinaniniwalaan ng korte na may “kawalang kakayahang pagkaisipan”

### Nakapagparehistro ka na?

I-tsek at i-update ang iyong impormasyon sa pagpaparehistro bilang botante. Gamitin ang [voterstatus.sos.ca.gov](http://voterstatus.sos.ca.gov) upang:

- ✓ Pagkumpirma sa iyong adres na pinapadalahan ng koreo
- ✓ Magdagdag o kumpirmahin ang isang email address upang makakuha ng napapanahong impormasyon galing sa opisina ng eleksyon ng iyong lalawigan
- ✓ Paglalagay ng iyong nais na lengguwahe upang makakuha ng mga materyales na naisalin na kung mayroon ang mga ito sa iyong lugar

### Nais mo bang Magparehistro?

Hanggang **Lunes, ika-19 ng Oktubre** ay maaari kang maparehistro:

- online sa [registertovote.ca.gov](http://registertovote.ca.gov);

- sa DMV, tanggapan ng koreo, o sa tanggapan ng eleksyon sa iyong lalawigan; o
- sa pagtawag sa 888-762-8683 upang humiling ng form sa pagpaparehistro bilang botante na dapat ay nasa koreo na ng ika-19 ng Oktubre. Hindi na kinakailangan ng selyo!

### Paano kung Nalagpasan ko ang Panahon ng Pagpaparehistro Upang Maging Botante?

Walang problema!

Maaari ka pa ring makapagparehistro at bumoto sa anumang araw sa hanggang sa Araw ng Eleksyon mismo.

Pagpipilian 1: Maaari kang pumunta sa tanggapan ng eleksyon sa iyong lalawigan o sa anumang sentro ng botohan sa iyong lalawigan upang gamitin ang “same-day voter registration” upang magparehistro at bumoto sa oras na iyon. Makakakuha ka ng isang form ng rehistrasyon upang maging botante at balota na nararapat kumpletuhin sa oras na iyon.

Pagpipilian 2: Kung ikaw ay hindi nakarehistro upang makaboto at hindi ka makapunta sa isang lugar ng eleksyon, makipag-ugnayan sa tanggapan ng eleksyon sa iyong lalawigan upang magtanong kung paano ka makapagparehistro at makaboto sa malayo sa pamamagitan ng “Remote Accessible Vote-by-Mail.”

## Paano bumoto? Mayroon kang mga Pagpipilian!

### BUMOTO SA BAHAY

Kung ikaw ay nakapagparehistro na ng ika-19 ng Oktubre, ikaw ay awtomatikong makakatanggap ng balota sa **koreo** na naglalaman ng mga tagubilin kung paano ito pupunan at ibabalik. Maaari kang:

1. Ipadala ang iyong balota sa pamamagitan ng koreo – hindi na kinakailangan ng selyo!
  - Tandaan na lagdaan ito at lagyan ng petsa ang sobre ng iyong balota.
  - Siguraduhin na ang iyong balota ay may tatak sa araw mismo o bago ang Araw ng Eleksyon.
2. Ihulog ito sa isa sa mga opisyal na “drop box” ng balota na matatagpuan sa buong lalawigan o sa isang sentro ng pagboto – muli, hindi ito kinakailangan ng selyo! Maraming mga ligtas na drop box ng balota na magagamit ng 24 na oras na magbubukas mula Oktubre 5, hanggang ika-3 ng Nobyembre ng 8pm.

### BUMOTO NG PERSONAL

Kung gusto mong bumoto ng personal, ito ay maaari! Ang Maagang Pagboto at pagpaparehistro sa parehong araw ay magagawa sa tanggapan ng eleksyon sa iyong lalawigan at mga sentro ng botohan.

Ang mga sentro ng maagang botohan sa tanggapan ng eleksyon sa Lalawigan ng San Mateo, ang tanggapan ng klerk sa Lalawigan ng Lungsod ng Redwood, at ang Pangunahing Silid-Aklatan ng Timog San Francisco ay magbubukas mula Oktubre 5. I-tsek sa [smcacre.org/vote-center-hours-locations](https://smcacre.org/vote-center-hours-locations) para sa mga adres at mga oras.

Maaari kang bumoto sa alinmang sentro ng botohan sa lalawigan. Ang lahat ng mga sentro ng botohan ay magbubukas mula **Sabado, Oktubre 31, 2020 hanggang Martes, Nobyembre 3, 2020**. Ikaw ay makakatanggap ng impormasyon patungkol sa mga lokasyon ng sentro ng botohan at mga oras nito sa koreo, o maaari kang pumunta sa [smcacre.org/vote/all](https://smcacre.org/vote/all) upang hanapin ang mga sentro ng botohan na malapit sa iyong lokasyon.

Sa Araw ng Eleksyon, ang mga botohan ay bukas mula **7 a.m. hanggang 8 p.m. *Hangga’t ikaw ay nasa pila ng 8 pm, ikaw ay makaboto.***

Pumunta sa alinmang sentro ng botohan at ibigay sa kanila ang iyong pangalan at adres upang makatanggap ng balota. Kung nais mong bumoto sa lengguwaheng hindi Ingles, tanungin sila kung mayroon silang materyales sa lengguwaheng iyon at kung mayroon sa mga manggagawa sa botohan ang nakakapagsalita ng lengguwaheng iyon.

#### Magkakaroon ba ng mga Proteksyon sa Kalusugan ng Publiko?

Oo, Ang maggagawa sa lugar ng botohan ay magsusuot ng mga maskara at susundin ang pampublikong alituntunin sa pangkalusugan, at aayusin ang mga lugar ng botohan upang magkaroon ng pisikal na pagdidistansiya. Ang mga botante ay kinakailangang sumunod sa estado at lokal na pangangailan ng pampublikong kalusugan, kabilang ang pagsusuot ng pangtakip sa mukha at pagpapanatili ng pisikal na pagdidistansiya.

#### Kailangan Ko bang Ipakita ang Aking ID kapag Ako ay Bumoto?

Sa halos lahat ng sitwasyon, hindi. Kailangan mo lamang ipakita ang mga dokumento kung ikaw ay boboto pa lamang ng unang beses at hindi mo naisama ang iyong lisensya sa pagmamaneho, numero ng ID sa estado, O numero ng Social Security noong ikaw ay nagparehistro upang makaboto. Kung ganito ang nangyari, maraming mga dokumento ang magagamit. Tawagan ang iyong tanggapan ng eleksyon ng maaga kung ikaw ay nag-aalala.

#### Maaari ba Akong Magdala ng Kasama upang Tulungan Akong Bumoto?

Oo. Ang batas ng California ay pumupayag na ikaw ay magdala ng hanggang sa dalawang kasama upang tulungang kang bumoto sa personal, hangga’t sila ay hindi nagrerepresenta sa iyong amo o iyong unyon. Magsama ng miyembro ng pamilya o kaibigan.

## Paano kung Nakaranas Ako ng Problema Habang Bumoboto?

Huwag sumuko! Hilingin na gamitin ang **pagpaparehistro bilang botante sa parehong araw** o **same-day voter registration** upang magregister muli at bumoto Kung hindi mo ito magagawa sa anumang kadahilanan, **humingi ng pansamantalang balota o provisional ballot**, ito ang balota na bibiliangin pagkatapos ng Araw ng Eleksyon kung ang mga opisyal ng eleksyon ay nakumpirma na iyong pagiging karapat-dapat.

O, tumawag sa alinmang mga hotline ng proteksyon sa botante sa Araw ng Eleksyon:

- 866-OUR-VOTE (866-687-8683) para sa tulong sa Ingles.
- 888-API-VOTE (888-274-8683) para sa tulong sa Ingles, Mandarin, Cantonese, Vietnamese, Korean, Bengali, Urdu, Hindi, at Tagalog.
- 888-Ve-Y-Vota (888-839-8682) bilinggwala na Ingles-Espanyol na walang bayad na hotline ng NALEO Educational Fund

### **Maaari Ba Akong Makaboto sa mga Lenguwahe Maliban sa Ingles?**

Oo! Kung nais mong bumoto sa Intsik o Espanyol, mayroong mga balotang naisalin na maaring magamit para bumoto at iba pang mapagkukunan ng impormasyon ang mayroon. Kung ikaw ay nagsasalita ng Korean, Tagalog, Burmese, Hindi o Japanese, ang mga naisalin na mga balotang “facsimile” ay maaaring magamit.

Kung ikaw ay boboto sa bahay at gusto mo ng balotang naisalin at iba pang mga mapagkukunan ng impormasyon, tawagan ang tanggapan ng eleksyon sa 888-762-8683 o mag-email sa [registrar@smcacre.org](mailto:registrar@smcacre.org).

Kung ikaw ay boboto ng personal, humingi sa mga manggagawa sa sentro ng botohan ng mga balotang naisalin na. Maaaring mayroong mga bilingwal na maggangagawa sa botohan na maaaring kang tulungan.

Maaari kang makahanap ng handout tungkol sa pag-access ng lengguwahe sa pagboboto at iba pa sa:

[advancingjustice-alc.org/know-your-voting-rights/](http://advancingjustice-alc.org/know-your-voting-rights/).